

Base sa impormasyon mula sa Hokkaido Government at Hokkaido Development Bureau homepages

Q Tinanggal ko ang snow sa harap ng aking bahay kagabi, subalit nag snowplow kaninang umaga at nag-iwan nang snow. Bakit po ganito ang nangyayari?

A Ang pagtanggal ng snow sa mga kalsada ayon sa Hokkaido at mga awtoridad ng Munisipiyo ay isinasagawa sa loob nang limitadong panahon. Dahil dito, ang karaniwang paraan ay itulak ang snow sa mga gilid ng kalsada. Ang resulta, ay naiiwan ang snow na tinanggal sa harapan ng mga tirahan o mga garahe. Kung anuman ang natirang snow ay dapat tanggalin ng mga indibiduwal na may-ari ng bahay. Para sa mas detalyadong impormasyon, mangyaring sumangguni sa ibabang bahagi, “Request for Cooperation Regarding Snow Removal Operations.”



Pakiusap sa Pagtulong Tungkol sa Snow Removal Operations

	Upang masiguro ang ligtas at ginhawang pagtungo sa trabaho at paaralan, ang pagtanggal ng snow sa gitna ng lungsod ay ginaganap sa hatinggabi hanggang maagang oras sa umaga na wala pang masyadong trapiko. **Kami ay nagpapasalamat sa inyong pang-unawa tungkol sa ingay at yanig sanhi ng pagtatanggal.**
	Pakiusap **iwasang mag-park sa kalsada.** Ang mga naka-park na mga sasakyan ay hindi lamang **sagabal sa pagtatanggal ng snow** bagkus ito ay nakakabawas rin ng luwang ng kalye, na maaaring **maging sanhi ng mga aksidente o gambala sa trapiko.**
	Ang mga Snowplows ay mayroong maraming blind spots at maaaring mag- operate lampas sa sentro ng kalsada. Para sa inyong kaligtasan, **pakiusap huwag lumapit sa mga snowplows**.
	**Ang paglalagay ng natanggal na snow mula sa harapan ng isang bahay**, atbp. **sa mga publikong kalsada ay bawal** dahil maaari itong maging sanhi ng mga aksidenteng trapiko at magiging sagabal. Pakiusap **huwag maglagay ng snow mula sa inyong harapan at ilagay sa kalsadang daanan**.
	Matapos ang mga snowplow, maaaring may natirang snow sa inyong harapan o garahe. **Pakiusap na inyong tanggalin ang snow**.
	**Mga kahon ng bato** ay nakalagay sa mga Krosing sa gitna ng siyudad at sa mga palusong sa suburban areas, atbp. **Kapag ang ibabaw ng mga kalye ay naging** frozen o icy, pakiusap na tumulong sa pagkalat ng mga bato sa ibabaw ng mga madulas na lugar.
	**Sa panahon ng mga mabigat na snowfall o blizzard**, pakiusap **iwasang lumabas nang walang mahalagang dahilan .**

References

Winter Living Guide
https://www.hiecc.or.jp/soudan/info/detail.html?pid=2930295276695